Republic of the Philippines
Department of Education
Region X
SCHOOLS DIVISION OF TANGUB CITY

DepEd DIVISON OF TANGUB CITY
CITY OF TANGUB
RELEASED
DATE AUG 18 2023 1:45 PM

Agosto 14, 2023

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 262 , s. 2023

**TAGISAN NG TALENTO AT PISTA SA NAYON SA PAMPINID NA PALATUNTUNAN NG WIKANG PAMBANSANG 2023**

Para kina: Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Superbisor ng Bawat Distrito ng mga Paaralan
Tagapangasiwa ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Pinuno ng Bawat Opisina at mga Tauhan
Sangay na ito

1. Ang Sangay ng Lungsod ng Tangub sa pangunguna ng Dibisyon sa Pagpapatupad ng Kurikulum ay magdaraos ng Pampinid na Palatuntunan sa Buwan ng Wikang Pambansa 2023 sa Function Hall – 1, Lungsod ng Tangub, 10:00 – 4:00 ng hapon sa darating na Setyembre 5, 2023.
2. Layuning maipakita ang kaalaman/talento at kasanayan sa pagtataguyod ng wikang Filipino; maibahagi ang kultura, pagpapahalaga at tradisyon ng mga Pilipino; at maisabuhay ang kulturang Pilipino sa diwa ng pamayanan at tunay na mabuting pakikitungo ng mga Pilipino.
3. Ang mga dadalo ay ang Tagapamanihala ng Sangay ng Lungsod ng Tangub, Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay, pinuno at mga superbisor ng CID, pinuno ng SGOD at mga kawani, superbisor ng bawat distritong paaralan, tagapangasiwa ng mga paaralang elementarya at sekundarya, pinuno at mga kasapi ng bawat tanggapan ng Dibisyon, at mga piling mag – aaral ng mga paaralan.
4. Narito ang mga kategorya ng paligsahan at ang magkatunggaling mga distrito at opisina. Nakasaad ang mga patnubay at mekanismo ng bawat kategorya, batayan ng kapasyahan at krayterya sa magkahiwalay na papel o mensahe.

A. Malikhaing Katutubong Sayaw
1. Central A
2. South B
3. North A
4. South A
5. Schools Division Office

B. Awiting Bayan/Katutubong Awit/Kundiman
1. Southwest A
2. Southwest B
3. Central B
4. North B

5. Schools Division Office

C. Lakan at Lakambini 2023 (1 lalaking SH at 1 babaeng SH bawat distrito at 1 pares naman galing sa opisina ng Dibisyon)

5. Ang lahat ay magsuot ng kasuotang tatak ang pagiging Pilipino o mga kasuotang angkop sa hinahandaang sayaw o awit maliban lamang sa mga representanteng Lakan at Lakambini sa iba't ibang distrito o opisina na magsuot ng Filipiniana para sa babae at Barong Tagalog sa lalaki.

6. Bilang kasali ang Pista sa Nayon na isa sa mga magagandang tradisyon at kultura ng mga Pilipino, pinakiuusapan ang lahat na gawing sabay ang 1sang napakasayang tanghalian sa lahat. Iminumungkahi rin, na gawing payak ang handaan at bukas sa loob ang paghahanda into.

7. Hinihiling ang pagpalaganap ng Memorandum na ito.

**SHAMBAEH A. ABANTAS-USMAN, PhD, CESE**
Kawaksing Tagapamanihala ng Sangay
OIC-Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

FILIPINO KURIKULUM
CID/rpd